



Pagkatuto sa Pamamafitan ng Paglalaro sa mga Setting para sa Maliliit na Bata

TAGALOG

Ano ang paglalaro?

Ipinakita ng mga pag-aaral sa buong mundo na natututo at umuunlad ang mga bata habang nakikilahok sila sa mga makabuluhang karanasan na nakabatay sa paglalaro.

"Mahalaga ang paglalaro para mapasigla at mapagsama-sama ang iba't ibang intelektuwal, pisikal, panlipunan at malikhaing kakayahan ng mga bata. Ang mabibisang gawain para sa maliliit na bata ay gumagamit ng pinagsama-samang lapit sa pagtuturo at pagkatuto para suportahan ang nappanatili at ibinabahaging pakikihalubilo sa mga bata. Sa pammagitan ng paglalaro at iba pang oportunidad, natututo ang mga bata na maunawaan at bumuo ng mga ideya tungkol sa panlipunan at natural na mundo, sa mga tao, mga bagay, at mga karanasan na nakakasalamuha nila sa araw-araw."

- VEYLDF, 2016, pg. 14

Natural na nangyayari ang paglalaro sa inyong anak at isang mahalagang bahadi ng kanilang pagkatuto at pag-unlad. Tinutulungan ng paglalaro ang inyong anak na maunawaan ang kanilang mundo at patuloy na bumuo ng matatag na konsepto ng pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng paglalaro, puwedeng magpalagay, magpanggap, lumikha, tumuklas, mag-imbetiga, makipag-usap, magtanong, magsalita, makinig, mag-isip, makiramdam, humawak, at umamoy ang inyong anak. Kasama sa paglalaro ang pakikipagnegosasyon, paglutas ng problema, pagsasagawa ng mga panganib, pagsubok ng gma bagong bagay, at pagtingin sa proseso ng mga bagay. Matututuhan ang inyong anak ang tungkol sa kanilang mga sarili at sa iba pa, matututuhan ang mga panuntunan sa paglalaro, magkakaroon ng mga kaibigan, makabubuo ng mga ugnayan at magtitiwala sa mga taong nasa paligid nila, kabilang na ang mga tagapagturo at ang iba pang bata.

Maglalaro ang mga bata nang mag-isa kung minsan, makikipaglaro sa isa o dalawa pang bata, at makikipaglaro sa maliliit o malalaking grupo ng mga bata. Puwedeng maging maingay o tahimik, walang masyadong galaw o maliko ta ng paglalaro.

"Ang mga panahon ng walang gambalang paglalaro ay nagbibigay sa mga bata ng panahon para mag-imbento, mag-imbetiga, at tumuklas, gamit ang mayaman at iba't ibang open-ended na materyales at mapagkukunan."

- VEYLDF, 2016, pg. 21

Pagkatuto sa pamamagitan ng paglalaro

Nagpapalano ng programa ang mga guro at tagapagturo para matugunan ang mga indibidwal na interes at pangangailangan ng bawat bata na pumapasok sa serbisyo. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang karanasang nakabatay sa paglalaro sa isang bukas na kapaligiran para sa pagkatuto, kung saan malayang nakakagalaw ang mga bata sa loob at labas ng isang lugar.

Magkakaroon ng ilang may tagubilang pormal na aktibidad, tulad ng musika, mga kuwento at talakayan. Para sa malaking bahagi ng araw, mag-isang gagawa ang mga bata ng mga desisyon tungkol sa kung saan sila maglalaro, sino ang kanilang magiging kalara, at kung gaano sila katagal maglalaro ng isang partikular ng aktibidad. Magbibigay ng suporta at gabay ang mga tagapagturo kapag kailangan ng tulong ng mga bata.

Gagamit ang mga tagapagturo ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo para suportahan ang mga bata sa maitaguyod ang pagkagusto sa pagkatuto, maging mausisa, mapagtanong at interesado sa kanilang mundo at sa mga taong nakakasalamuha nila. Puwede nilang gabayan ang paglalaro, manguna sa paglalaro, o obserbahan ang mga bata sa isang paglalaro na sila mismo ang bumuo.

Ano ang natututuhan ng mga bata kapag naglalaro?

Nagbibigay ang paglalaro ng oportunidad sa mga bata na makipag-usap at magtanong, bumuo at magsanay ng bokabularyo at wika, kakayahang makabasa at makasulat, kakayahang magbilang at magkalkula at mga kasanayan sa pakikitungo sa kapwa. Sa pamamagitan ng paglalaro, natututuhan ng mga bata kung paano makipag-usap at makipag-ugnayan sa ibang tao.

GUmagamit din ang mga bata ng imahinasyon para ikilos ang kanilang naobserbahan, halimbawa;

- Pagpapanggap na naghahanda ng pagkain
- Pangangalaga ng isang sanggol
- Pagiging isang bumbero, isang doktor, o isang tindera.

Nakakatulong ito sa mga bata na matutuhang maunawaan at bigyang kahulugan ang kanilang mundo at kanilang komunidad.

"Mahalaga ang pagpapanggap na paglalaro para tuklasin ang iba't ibang pagkakakilanlan at pananaw, kabilang ang pakiramdam na pagiging kabilang sa mga pandaigdigang komunidad. Dapat suportahan ang mga bata para maunawaan ang mga pagkakaipareho at pagkakaiba ng mga indibidwal at grupo, at para igalang ang magkakaibang pananaw."

- VEYLDF, 2016, pg. 18

Habang kalahok ang inyong anak sa paglalaro, makikipagnegosasyon sila tungkol sa mga panuntunan para tulungan silang matuto ng mga asal na katanggap-tanggap sa iba. Halimbawa, puwedeng bumuo ang mga bata ng mga panuntunan para sa paghihintay ng kanilang pagkakataon na maglaro sa duyan. Ang pagpayag sa mga bata na maging sangkot sa paggawa ng mga panuntunan na makakatulong sa lahat na manatiling ligtas, mangalaga sa kagamitan at suportahan ang pagiging makatuwiran at pagkakaipantay-pantay, ay tutulong sa kanilang mga kasanayan sa pag-iisip at paglutas ng problema, at susuporta sa kanilang pagbuo ng mga kasanayan sa pakikipagkomunikasyon at pakikitungo sa kapwa, pati na rin sa kanilang mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pagbilang, at pagkalkula.

Sa kanilang paglalaro, puwedeng mapaunlad ng mga bata ang kanilang kasalukuyang kaalaman at mga ideya sa mga paraang bago at nakakahikayat.

Puwedeng ulitin ng mga bata ang ilang aktibidad nang ilang beses, magsagawa ng mga panganib at mga kasanayan sa pagkatuto at pagsasanay, tulad ng:

- pag-akyat sa isang mataas na lugar nang mag-isa
- pagiging bihasa sa isang jig-saw puzzle
- pagsusuot ng saeili nilang damit o art smock
- pagbabalanse sa isang makitid na tubo
- paggamit ng gunting nang mag-isa
- pagtalon
- pagtulak ng sarili sa isang duyan.

Ang mga tagumpay na ito, malaki at maliit, ay nagbibigay-kasiyahan sa mga bata, kanilang mga pamilya, at sa mga tagapagturo na sumusuporta sa kanilang pagkatuto.

Nagbibigay ang paglalaro ng mga oportunidad sa mga bata na: magdiwang, magkamit, magtagumpay, magkamali, magsanay, sumubok ng bagong impormasyon o kasanayan, bumuo ng mga opinyon at maging bihasa sa mga bagong kasanayan at kaalaman.

Natututo ang inyong anak sa pamamagitan ng paglalaro.

References

Department of Education and Training, 2016. *Victorian Early Years Learning and Development Framework*.